Republika ng Pilipinas
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**Rehiyon ng Isla ng Negros**
***SANGAY NG NEGROS ORIENTAL***
Siyudad ng Dumaguete

Hulyo 13, 2017

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 367 ,s. 2017

**MGA GAWAING TAMPOK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA**

PARA SA : Katuwang na Tagapamanihala ng Dibisyon
Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
Mga Tagamasid ng Purok

1. Ipinapaalam ng opisinang ito ang pagsasagawa ng mga lingguhang gawain kaugnay sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa. Ito ay pagbibigay halaga at katuturan sa nasabing pagdiriwang.
2. Hinihikayat ang lahat na magsusuot ng mga kasuotang Pilipino tuwing Lunes sa loob ng buwang ito para sa mga kawani ng dibisyon maging sa mga eskwelahan upang bigyang pansin ang likas ng ating pagka-Pilipino sa pamamagitan ng iba't ibang kasuotan.
3. Iminumungkahi ang pagsusuot ng mga kasuotang Luzon at Bisayas tulad ng Balintawak, Cordillera, Kamisa, Baro't Saya, kimono, kimona, patadyong) sa unang linggo ( Agosto 7). Sa pangalawang linggo (Agosto 14), iminumungkahi ang pagsusuot ng mga kasuotang Mindanaw, sa ikatlong linggo (Agosto 21), alinsunod sa Asean Integration, hinihikayat ang lahat na magsusuot ng mga kasuotan ng karatig na bansa.
4. Tampok sa pagdiriwang na ito ang mga gawain na gagawin sa Agosto 24 at 25, 2017 alinsabay sa Pampinid na Palatuntunan ng pagdiriwang. Ito ay gaganapin sa bulwagan ng dibisyon at Robinson na dadaluhan ng mga tagamasid ng purok, mga kawani ng dibisyon, at DSS sa Filipino. Matutunghayan ang mga gawain sa nasabing araw;

| | | |
|---|---|---|
| Agosto 24 | | |
| 8:00 n.u. | TULAAN | -Division Conference Room |
| 1:00 n.h. | ACTION RESEARCH | -Division Conference Room |
| Agosto 25 | | |
| 9:00 n.u. | COSPLAY SA OBRA MAESTRANG FLORANTE AT LAURA | -Robinson |
| 1:00 n.h. | INFOMERCIAL VIDEO AT MUSICAL VIDEO | - Division Con. Room |
| 3:00 n.h. | PISTA SA NAYON | - Division Roof Deck |

5. Kalakip ng memorandum na ito ang mga gawaing itatampok sa mga nasabing araw at lugar na pagdaraosan.
6. Malawak na desiminasyon ng memorandum na ito ay nais.

**LELANIE T. CABRERA, CESE**
Pangalawang Tagapangasiwa ng Dibisyon

LTC/raj

14 JUL 2017

## MGA GAWAING TAMPOK SA PAMPINID NA PALATUNTUNAN

Agosto 24-25, 2017

**1. TULAAN**

A. KALAHOK

1. Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa baiting 4-6
2. Ang bawat koponan ay binubuo ng dalawang miyembro.
3. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang kumakatawan sa bawat distrito.
4. Ang kalahok/koponan ay may gabay na isang tagapayo/tagapasanay

B. PANUNTUNAN

1. Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras sa paligsahan
2. Sila ay bibigyan lamang ng 3 minutong paghahanda hinggil sa paksang napili. Habang nagtutula, maghahanda nanman ang susunod na pangkat.
3. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong palitan sa pagtutula. Malayang taludturan, walang sukat at tugma ang gagawing tula. Bagaman ang bawat saknong ay binubuo ng tig-aapat na taludtod.
4. Ang bawat kalahok ay dapat nakadamit ng kasuotang Pilipino sa oras ng pagtatanghal.
5. Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi mababago.

C. PAMANTAYAN

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Pagkamakata | | | – | 35% |
| | Kaugnayan sa paksa | (10%) | | |
| | Pagbibigay-diin o damdamin | (10%) | | |
| | Pagtutula | (15%) | | |
| Hikayat | | | – | 25% |
| | Dating sa madla | ( 5%) | | |
| | Kakanyahang pantanghalan | (5%) | | |
| | Kilos, galaw, kumpas | (10%) | | |
| | Expresyon ng mukha | (5%) | | |
| Tinig | | | – | 20% |
| | Lakas | (5%) | | |
| | Taginting | (5%) | | |
| | Kaangkupan ng diwa at damdamin | (10%) | | |
| Bigkas | | | – | 20% |
| | Matatas at maliwanag | (10%) | | |
| | Wastong pagbubukod ng salita | (5%) | | |
| Kabuuan | | | - | 100% |

## 2. PALIGSAHAN SA PAGGAWA NG SULATING PANG-AKADEMIKO (ACTION RESEARCH PAPER)

### TEACHER CATEGORY

a) Ang paligsahang ito ay bukas sa lahat na mga guro. Ito ay isang pangkatan na gawain.Binubuo ng tatlong miyembro ang bawat pangkat.
b) Ang bawat distrito ay pipili ng isang sulating pang-akademiko na ipapasok sa paligsahan.
c) Ang lahat ng papel (tatlong kopya) ay isusumite sa dibisyon ngayong Agosto 14, 2017.
d) Ang tatlong papel na mapipili ay ang siyang tuluyang magpapakita ng kanilang papel sa pamamagitan ng isang slide deck sa harap ng mga panelista gamit ang format sa ibaba.

Paksa:

| Ang Suliranin/Mga Katanungan | Hinuha/Epotesis | Istadistikang Gagamitin | Inaasahang Resulta |
|---|---|---|---|
| | | | |

f) Ang nasabing paligsahan ay huhusgahan sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamantayan:

| | |
|---|---|
| Orihinalidad /Konseptong Batayan | 20% |
| Kahalagahan ng pag-aaral/Kaugnay na Pag-aaral | 30% |
| Pamamaraan/Metodolohiya/Action Plan | 20% |
| Presentasyon at Paglalahad | 30% |
| Kabuuan | 100% |

### STUDENT CATEGORY

a) Ang paligsahan na ito ay bukas sa lahat na mga mag-aaral. Ito ay isang pangkatan na gawain.Binubuo ng tatlong miyembro ang bawat pangkat.
b) Ang bawat distrito ay pipili ng isang sulating pang-akademiko na ipapasok sa paligsahan.
c) Ang lahat ng papel (tatlong kopya) ay isusumite sa dibisyon ngayong Agosto 14, 2017.
d) Ang tatlong papel na mapipili ay ang siyang tuluyang magpapakita ng kanilang papel sa pamamagitan ng isang slide deck sa harap ng mga panelista gamit ang format sa ibaba.

Paksa:

| Ang Suliranin/Mga Katanungan | Hinuha/Epotesis | Istadistikang Gagamitin | Inaasahang Resulta |
|---|---|---|---|
| | | | |

f) Ang nasabing paligsahan ay huhusgahan sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamantayan:

| | |
|---|---|
| Orihinalidad /Konseptong Batayan | 20% |
| Kahalagahan ng pag-aaral/Kaugnay na Pag-aaral | 30% |
| Pamamaraan/Metodolohiya/Action Plan | 20% |
| Presentasyon at Paglalahad | 30% |
| Kabuuan | 100% |

**3. PALIGSAHAN SA PAGGAWA NG MUSICAL VIDEO (JHS)**

a) Ang MUSICAL VIDEO ay isang paligsahan sa paggawa ng video sa pamamagitan ng pagsasalin sa isang awitin mula sa English. Ang pipiliing kanta ay yaong wala pang version sa Filipino. Ang mga nagawa na noong nakaraang taon ay mahigpit na ipinagbabawal na isusumite ulit.

b) Ang paligsahang ito ay bukas sa lahat na mag-aaral sa sekundarya. Isumite lamang ang inyong nagawang video ayon sa nakatakdang panahon. Isang minus one na may liriko na pang videoke, at isang may vocal interpretation ng naturang kanta.

c) Ang komiti sa nasabing paligsahan ay pipili ng limang magagaling na video. Ang mga napiling video ay itatanghal sa araw ng Pampinid na Palatuntunan para sa aktuwal na paligsahan. Ang sinumang mapipili ay padadalhan ng notisya bago ang pinal na paligsahan.

d) Lahat ng entry para sa nasabing paligsahan ay isusumite ngayong Agosto 14, 2017 kay G. Renante A. Juanillo, Superbisor ng Filipino.

e) Ang naturang video ay huhusgahan sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamantayan:

VIDEO

| | | | |
|---|---|---|---|
| Produktong Palabas | | - | 60% |
| Screenplay/Setting | (15%) | | |
| Sinematograpiya | (15%) | | |
| Teknikal na Produksiyon | (15%) | | |
| Soundtrack | (15%) | | |
| Pagsasalin ng materyal | | - | 30% |
| Kahusayan at dating ng obra | | - | 10% |
| Kabuuan | | - | 100% |

AKTUWAL NA PALIGSAHAN

| | | |
|---|---|---|
| Produktong Video | - | 30% |
| Interpretasyon | - | 30% |
| Abilidad sa pagkanta | - | 30% |
| Tikas sa entablado at dating sa madla | - | 10% |
| Kabuuan | - | 100% |

**4. PALIGSAHAN SA PAGGAWA NG INFOMERCIAL VIDEO (SENIOR HS)**

a) Ang INFOMERCIAL VIDEO ay isang paligsahan sa paggawa ng komeryal na video na naglalayong magbigay ng impormasyon sa madla tungkol sa Senior High School ng distrito. Itatampok dito ang mga kursong inofer ng distrito, mga facilidad, mga guro, mga klasrum, mga kagamitan, istadistika ng SHS, industry partners, at accomplishments, atb.

b) Ang paligsahang ito ay bukas sa lahat na mag-aaral sa sekundarya. Isumite lamang ang inyong nagawang video ayon sa nakatakdang panahon.

c) Ang haba ng video ay hindi bababa sa 5 minuto at hihigit sa 7 minuto.

d) Ang komiti sa nasabing paligsahan ay pipili ng limang magagaling na video. Ang mga napiling video ay itatanghal sa araw ng Pampinid na Palatuntunan. Ang sinumang mapipili ay padadalhan ng notisya bago ang pinal na paligsahan.

e) Lahat ng entry para sa nasabing paligsahan ay isusumite ngayong Agosto 14, 2017 kay G. Renante A. Juanillo, Superbisor ng Filipino.

f) Ang naturang video ay huhusgahan sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamantayan:

| | | | |
|---|---|---|---|
| Dokyumentaryo | | - | 60% |
| Screenplay/Setting | (15%) | | |
| Sinematograpiya | (15%) | | |
| Teknikal na Produksiyon | (15%) | | |
| Soundtrack | (15%) | | |
| Kaangkupan sa tema | | - | 20% |
| Dating sa manonood | | - | 20% |
| Kabuuan | | - | 100% |

**5. COSPLAY (SEKUNDARYA)**

a) Ang COSPLAY ay isang paligsahan para sa mga mag-aaral ng sekundarya na kakatawan sa mga piling tauhan ng FLORANTE AT LAURA. Paligsahan ito ng kasuotang angkop sa katauhan ng karakter.

b) Ang bawat distrito ay naatasang magsasabuhay sa katauhan ng mga karakter ayon sa mga sumusunod. Ang napiling kalahok ay maghahanda ng isang solilukoy na kadalasang sabihin ng karakter na hindi bababa at hihigit sa 30 segundo.

| MGA TAUHAN | UNANG DISTRITO | PANGALAWANG DISTRITO | IKATLONG DISTRITO |
|---|---|---|---|
| **1. FLORANTE** | **Canlaon 1 & 2** | **Mabinay 2** | **Sta. Catalina 3** |
| **2. LAURA** | **Canlaon 1 & 2** | **NOHS** | **Zamboanguita** |
| **3. ALADIN** | **La Libertad 1 & 2** | **Mabinay 3** | **Dauin** |
| **4. FLERIDA** | **Ayungon 1 & 2** | **Sibulan 2** | **Bacong** |
| **5. HARING LINCEO** | **Jimalalud** | **NOHS** | **Sta. Catalina 2** |
| **6. SULTAN ALI-ADAB** | **Bindoy 1 & 2** | **Mabinay 1** | **Sta. Catalina 1** |
| **7. PRINSESA FLORESCA** | **Tayasan 1 & 2** | **Mabinay 1** | **Valencia** |
| **8. DUKE BRISEO** | **Manjuyod 1&2** | **Amlan** | **Sta. Catalina 1** |
| **9. ADOLFO** | **Jimalalud** | **San Jose** | **Siaton 4** |
| **10. KONDE SILENO** | **Ayungon 1& 2** | **Sibulan 1** | **Siaton 1** |
| **11. MINALIPO** | **Bindoy 1 & 2** | **San Jose** | **Siaton 2** |
| **12. MENANDRO** | **La Libertad 1 &2** | **Mabinay 4** | **Valencia** |
| **13. ANTENOR** | **Tayasan 1 & 2** | **Sibulan 1** | **Sta. Catlina 4** |
| **14. EMIR** | **Ayungon 1 & 2** | **NOHS** | **Zamboanguita** |
| **15. HENERAL OSMALIK** | **Manjuyod 1 & 2** | **Mabinay 3** | **Dauin** |
| **16. HENERAL MIRAMOLIN** | **Manjuyod 1&2** | **Sibulan 2** | **Bacong** |
| **17. HENERAL ABU BAKR** | **Canlaon 1 & 2** | **Amlan** | **Siaton 3** |

c) Ang bawat kalahok ay huhusgahan sa pamamamagitan ng mga sumusunod na pamantayan:

| | |
|---|---|
| Angkop na kasuutan | 40% |
| Pagsasakatauhan ng Karakter | 30% |
| Kagandahan ng Mukha | 20% |
| Hikayat sa madla | 10% |
| Kabuuan | 100% |

**6. PARADA NG MGA KASUOTAN (DIBISYON)**

a) Ito ay para sa mga empleyado ng dibisyon kasama ang mga tagamasid ng purok. Gagawin ito pagkatapos kaagad ng Paligsahan sa hapon kung saan ang bawat isa ay paparada sa kanilang mga kasuotan (Barong, Terno o Filipiniana). Ang limang mahihirang na may magandang kasuotan ay pararangalan.

b) Ipinapalagay na lahat ay kasali sa nasabing paligsahan.

c) Gagamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagpili ng mga magagandang kasuotan

| | |
|---|---|
| Piling Kasuotan | 50% |
| Pagdadala at kaangkupan | 30% |
| Dating sa Madla | 20% |
| Kabuuan | 100% |

**7. PISTA SA NAYON (DIBISYON) 3:00 nh**

a) Ito ay isang "salo-salo" "merienda siena" na lalahukan ng mga sumusunod na pangkat;
   i. Administrative & Personnel, SDS
   ii. CID, ASDS
   iii. SGOD (Planning, Educ. Facilities, ICT)
   iv. Health Section
   v. Accounting ,Budget, Supply
   vi. COA, Cash, Records
   vii. PSDSs

b) Bawat seksyon o pangkat ay kailangang maghahanda ng kani-kanilang kakanin, pagkain at ulam na pawang mga lutong pinoy. Inaasahang ang bawat pangkat ay siya ring maghahanda sa lugar na gaganapan ng salo-salo at mag-aayos ng kanilang paglalagyan ng pagkain.

c) Lahat ng kakanin at pagkain ay mga lutong pinoy na nagpapakilala ng ating pagkakakilanlan at sariling identidad.

d) Bawat pangkat ay huhusgahan sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamantayan;

| | |
|---|---|
| Piling mga pagkain at kakanin | 30% |
| Kalinisan at kaayusan | 30% |
| Kaisahan at kooperasyon | 30% |
| Kabuuang dating | 10% |
| Kabuuan | 100% |